

Mga X-ray

Maaaring kunan kayo ng mga X-ray (pagsilip sa loob ng inyong katawan). Halimbawa, X-ray sa dibdib ay maaaring gawin kung hinihinala o may sumasakit sa iyong dibdib. Mga X-ray sa braso o binti kung nagkaroon ng pinsala.

Mga CT scan

Sa pag-CT scan, gamit ang kompyuter para kumuha ng maraming X-ray nang sabay-sabay.

Ang mga resulta ng ginawang anumang pagsusuri ay pag-uusapan ninyo ng pangkat ng mga doktor.

Pagkatapos sa Emerhensya (ED)

Mananatili sa ospital

Ilan sa mga taong dinala sa ED ay kailangang panatiliin sa ospital 'ward'. Kung ganito ang para sa inyo, ilalagay naming kayo sa pinaka-angkop na 'ward' sa pinakamadaling panahon. Kung abala ang ospital, maghintay muna at kayo ay patuloy na aasikasuhin namin sa ED.

Paglabas ng ospital

Ang paglabas ng ospital ay tinatawag na 'discharged'. Sa inyong paglabas, kakausapin kayo ng isang kawani tungkol sa:

- inyong plano ng pagkakaalaga at patuloy na pagpapagamot (hal. mga gamot at tipanan)
- mga medical certificate, sulat at pagsasauli ng mga pribadong X-ray
- follow-up sa community health service, karaniwang doktor (GP) o ispesyalista.



ALAM BA NINYO?

Mga GP at serbisyo sa telepono ay nakakatulong sa mga di-apurahang mga kaso. Libre kayong makakatawag sa HealthDirect Australia sa 1800 022 222 o www.healthdirect.gov.au

Mga Inaasahan

Ano ang maaasahan ninyo sa amin?

Maaasahan ninyo na ang mga doktor, nars at kawani na:

- maging mapitagan at magalang
- tatratuhin kayo nang may respeto at dignidad
- maingat na magpapaliwanag ng mga bagay sa paraang inyong naiintindihan
- tuwinang ipapaalam sa inyo ang mga resulta at ang inyong progreso sa ED
- sasabihin kung ano ang susunod na magaganap.

Kung sa anumang oras na hindi ninyo naiintindihan ang nangyayari, magtanong sa kawani at sila ay malugod na sasagot sa iyong mga katanungan.

Ang pakiusap namin sa inyo

Pagkain at Pag-inom

Huwag po kayong kumain o uminom bago magpatingin sa doktor. Ang ilang mga pag-oopera o paggamot ay kinakailangang walang laman ang tiyan.

Pagpapahinto ng inyong paggagamot

Kung nais ninyong umalis na sa ED bago pa matingnan, o umalis bago pa matapos ang paggagamot, sabihin muna sa mga doktor at nars para masabi sa inyo ang anumang mga posibleng kumplikasyon.

Balik-puna

Mahalaga sa amin ang inyong balik-puna. Pakitanong sa kawani kung paano kayo makapagbibigay ng balik-puna.

Ano Ang Maaasahan Sa Inyong Pagbisita Sa Emergency Department



Tuloy Po Kayo

Sa Emergency Department

Ikinalulungkot namin na nagkasakit o nasaktan ka ngayong araw at kinailangan kayong madala sa Emergency Department (ED).

Para sa karamihan, ito ang unang pagpunta nila sa ospital at alam namin na maaaring ito ay isang nakakabalising karanasan.

Pakay ng polyetong ito na magbigay ng impormasyon sa kung ano ang maaasahan ninyo sa pagbisita ngayong araw. Kung kayo ay may anumang katanungan, magtanong sa kawani anumang oras.

Mga Unang Hakbang

Ang lahat ng dumarating sa ED para magpagamot ay una munang titingnan ng isang senior na nars pagkadating.

Magtatanong ang nars kung bakit kayo nasa emergency (ED) at maaaring magsukat ng inyong tibok ng puso at presyon ng dugo.

Ang nars ang magtutukoy kung gaano ka-apura ang pangangailangan sa inyong paggagamot batay sa kung gaano kagrabe ang inyong kalagayan o pagkakapinsala.

Personal na impormasyon

Impormasyon pagkadating

Sa inyong pagdating, kakailanganin ng kawani na magbigay kayo ng mga sumusunod na impormasyon:

- ang inyong numero ng Medicare

- anumang detalye ninyo sa pribadong paseguro sa kalusugan (private health insurance)
- anumang mga pangrelihiyon o paniwalang pangkultura na sinusunod na palagay ninyo ay dapat naming malaman.

Kakailanganin din namin ang impormasyong personal para tulungan kayong maalagaan, gaya ng:

- anumang mga problema sa kalusugan na inyong dinaranas o mga gamot na iniinom
- mga alerdyi na inyong nararanasan
- kung ikaw ay buntis o nagpapasuso ng anak
- kung kagagaling mo lang sa ibayong bansa
- ang sitwasyon mo sa bahay at anong sosyal na suporta ang inyong tinatanggap.

Pag-aasikaso sa inyo

Mga taong Aboriginal at Torres Strait Islander

Ang lahat ay tatanungin 'Kayo ba ay pinagmulan na Aborihinal o taga-islamang Torres Strait?'

Kayo ba ay hinihimok na sabihin ang inyong pinagmulan. Kung kailangan ninyo ng tulong ng isang Aboriginal Liaison Officer o panglipunang manggagawa, pakisabi sa miyembro ng kawani.

Mga taong hindi nakakapag- Ingles

Kung kailangan mo ng interpreter, pakisabi sa tanggapaning lamesa (reception desk).

Ang Serbisyo ng Tagasalinwika at Pag-iinterpretar (TIS National) ay nagbibigay ng libreng serbisyo sa pag-iinterpretar para sa mga taong hindi nakakapagsalita ng Ingles. Matatawagan ang TIS National 24 oras ng isang araw, araw-araw. Tawagan ang **131 450**.

Ang iyong mga karapatan at kaligtasan

Ang Karta ng Mga Karapatan sa Pagkaka-alaga ng Kalusugan sa Australya (The Australian Charter of Healthcare Rights) ay makukuha ng lahat ng tao sa sistema ng pagkaka-alaga sa kalusugan. Pinapayagan nito na magbahagi ang lahat sa pagkakaintindi ng mga karapatan ng taong tumatanggap ng kalusugang pangangalaga.

Ang lahat ay dapat ligtas habang nasa ED. Lahat ng mga ospital sa NSW ay may patakarang walang karahasan. Ibig sabihin ay hindi pinapayagan ang karahasan, pagmumura, pagbabanta o berbal na pang-aabuso. Sinumang marahas o abusado ay paaalisin ng kawani, tagabantay (security) o pulis.

Ano ang maaasahan ko?

Gaano katagal ako rito?

Haharapin kayo ng kawani sa lalong madaling panahon. Uunahing tingnan ang taong pinakamalubha ang sakit.

Samantala, ang paggamot sa inyo ay maaaring umpisahan habang naghihintay at kabilang dito ang ilang gamot (gaya ng panlunas ng sakit) o mga pagsusuri (gaya ng X-ray).

Maaaring kailanganin namin ang ispesyalista o nars na galing pa sa kabilang gusali para matingnan kayo at tumulong sa pagpasya kung anong pagkakaalaga ang inyong kailangan.

Ang itatagal ng inyong pamamalagi ay nakabatay sa kung bakit kayo nasa ED at anong pagkakaalaga ang inyong kailangan.

Karamihan sa mga tao ay pinapauwi na mula sa ED sa loob ng apat na oras.

Mga pagsusuri at scan

Anong mga pagsusuring gagawin?

Ang ilang mga tao ay maaaring kailanganing magkaroon ng mga pag-iikamin sa ED. Ang tatlong karaniwan ay blood test, X-ray at CT scan.

Mga blood test

Ang blood test ay maaaring gawin bago pa o pagkatapos kang matingnan ng doktor. Ang ilang tao ay maaaring kailangan ng dalawang blood test habang namamalagi dito.



MAHALAGA

Kung sa palagay ninyo na kayo o isang kapamilya ay lumalala, pakisabi kaagad sa kawani.



PAANO KUNG MAY MGA ITATANONG AKO?

Habang kayo ay nasa ED, may pangkat ng mga propesyonal sa kalusugan na mag-aasikaso sa inyo. Kung may mga itatanong, pakisabi anumang oras.